



Social Security

Pag-uunawa sa Extra Help sa Inyong Medicare Prescription Drug Plan

2013

www.socialsecurity.gov

Tawagan ang Social Security

Bisitahin ang aming website

Ang aming website, www.socialsecurity.gov, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-aplay para sa Extra Help sa Medicareprescription drug plan costs;
- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

Ano ang nasa loob

Ano ang Extra Help sa Medicare prescription drug plan costs?	4
Mga mapagkukunan at kita	4
Pag-aaplay para sa Extra Help	7
Kung kayo ay isang Amerikanong Indiyano o Katutubong Alaska	10
Kung kayo ay isang miyembro ng pamilya, tagapag-alaga o iba pang ikatlong partido	10
Paano ako pipili ng partikular na plano?	11
Makatutulong ba ang mga ahensiya ng estado sa mga gastusing Medicare?	12
Pag-aapela ng pasya	13
Paano ako kukuha ng karagdagang impormasyon?	15

Ano ang Extra Help sa Medicare prescription drug plan costs?

Ang sinumang may Medicare ay makakakuha ng coverage ng Medicare prescription drug. Ang ilang taong kaunti lamang ang mapagkukunan at kita ay maaari ring makakuha ng Extra Help para sa mga gastos - buwanang premium, taunang deductibles, at mga katuwang na pagbabayad para sa reseta - na may kaugnayan sa Medicare Medicare prescription drug plan. Ang Extra Help ay tinatayang nagkakahalaga ng humigit-kumulang \$4,000 bawat taon. Maraming tao ang kwalipikado para sa mga malalaking katipiran ngunit hindi man lamang nila alam. Upang malaman kung kayo'y kwalipikado, kailangang matukoy ng Social Security ang halaga ng inyong impok na pera, pamumuhunan, real estate (maliban sa inyong tahanan), at ang inyong kita. Kailangan namin ng impormasyon tungkol sa inyo at ng inyong asawa, kung kayo ay may-asawa at magkasama sa isang bubong.

Upang matulungan ang Social Security na tukuyin kung kayo ay kwalipikado para sa Extra Help, kailangan ninyong mag-file ng *Aplikasyon para sa Karagdagang Tulong sa Gastusin sa Plano ng Medicare sa De-Reseta ng Gamot* (Pormularyong SSA-1020). Gagamitin ng Social Security ang impormasyon g inyong ipagkakaloob sa inyong aplikasyon.

Mga mapagkukunan at kita

Magkano ang limit ng mapagkukunan

Upang maging kwalipikado para sa Extra Help, ang inyong mga mapagkukunan ay dapat hindi lalagpas sa \$13,300 para sa isang indibidwal o \$ 26,580 para sa mag-asawang magkakasama sa isang bubong.

Kabilang sa mga mapagkukunan ay ang halaga ng mga pagmamay-ari. Ang ilang mga halimbawa ay:

- Real estate (maliban sa inyong pangunahing tirahan);
- Account sa bangko, kabilang ang checking, savings, at mga sertipiko ng deposito;
- Stocks;
- Bonds, kabilang ang US Savings Bonds;
- Mutual funds;
- Indibidwal na Account sa Pagreretiro (IRAS); at
- Pera sa bahay o kahit saan pa

Ano ang hindi maituturing na isang mapagkukunan?

Hindi namin maituturing ang:

- Inyong pangunahing tirahan
 - Inyong personal na mga ari-arian
 - Inyong (mga) sasakyan
 - Mga mapagkukunang hindi madaling mapapalitan ng cash, tulad ng alahas o muwebles ng bahay
 - Aria-ariang kailangan ninyo sa pagsuporta sa sarili, tulad ng pinauupahang ari-arian o lupang tinatamnan para sa pantahanang gamit;
 - Mga ari-ariang di-pangnegosyo na mahalaga sa inyong pagsuporta sa sarili
 - Mga polisa ng life insurance
 - Mga gastusin para sa paglibing
 - Interes na kinita ng perang balak ninyong gamitin para sa gastusing ng paglibing; at
 - Ang iba pang pera hinahawakan ninyo na hindi binibilang sa siyam na buwan, tulad ng:
 - Retroactive Social Security o Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI)
 - Tulong sa pabahay
 - Mga paunang bayad sa buwis at refund kaugnay sa kinitang kredito sa buwis ng kita at pambatang kredito para sa buwis
 - Kabayaranang natatanggap ninyo bilang isang biktima ng krimen; at
 - Tulong para sa relokasyon galing sa estado o lokal na pamahalaan
- Dapat kayong makipag-ugnaysa Social Security para sa iba pang mga eksklusiyon sa mapagkukunan.

Magkano ang hangganan sa kita?

Upang maging kwalipikado para sa Extra Help, ang inyong taunang kita ay dapat hindi lalagpas sa \$17,235 para sa isang indibidwal o \$23,265 para sa isang mag-asawang magkakasama sa isang bubong. Kahit na mas mataas ang inyong taunang kita, maaari pa rin kayong makakuha ng ilang tulong. Ang ilang mga halimbawa kung saan ang inyong kita ay maaaring mas mataas ay kung kayo o ang inyong asawa ay:

- Sumusuporta sa ibang mga miyembro ng pamilya na nakikitira sa inyo;
- May kita galing sa hanapbuhay; o
- Nakatira sa Alaska o Hawaii.

Ano ang hindi maituturing na kita?

Hindi lahat ng kabayaran na cash ay maituturing na kita. Halimbawa, **hindi namin itinuturing** ang

- Programa ng Karagdagang Tulong para sa Nutrisyon (food stamps)
- Tulong sa pabahay;
- Tulong para sa pambahay na enerhiya (elektrisidad)
- Medikal na gamutan at mga gamot;
- Tulong para sa kalamidad
- Kinitang kabayaran para sa kredito ng income tax
- Tulong mg iba para sa kabayaran ng inyong pambahay na gastusin
- Mga kompensasyon para sa mga biktima
- Mga scholarship at tulong pang-edukasyon

Dapat kayong makipag-ugnaysa Social Security para sa iba pang mga eksklusiyon sa kita.

Paano ako mag-aaplay?

Madaling mag-aaplay para sa Extra Help. Kumpletuhin lamang ang *Aplikasyon para sa Karagdagang Tulong sa Gastusin sa Plano ng Medicare sa De-Resatang Gamot* (Pormularyong SSA-1020) ng Social Security. Ganito ang gagawin:

- Mag-aaplay online sa www.socialsecurity.gov/extrahelp;
- Tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) upang mag-aaplay sa pamamagitan ng telepono o humingi ng aplikasyon; o
- Mag-aaplay sa inyong local na Social Security office.
- Pagkatapos ninyong mag-aaplay, susuriin ng Social Security ang inyong aplikasyon at susulatan kayo upang ipaalam kung kwalipikado kayo para sa Extra Help. Kung kayo'y kwalipikado, maaari kayong pumili ng isang Medicare prescription drug plan. Kapag hindi kayo pumili ng isang plano, gagawin ito para sa inyo ng Centers for Medicare & Medicaid Services. Kung mas maaga kayong sumali sa isang plano, mas maaga ninyong masisimulan ang pagtanggap ng mga benepisyo.

Kung hindi kayo kwalipikado sa Extra Help, maaari pa rin kayong magpalista para sa Medicare prescription drug plan. Para sa impormasyon tungkol sa mga panahon ng pagpapalista, bisitahin ang www.medicare.gov o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227; TTY 1-877-486-2048)**.

Bakit ako mag-aaplay online?

Ang aming online na aplikasyon ay ligtas at nag-aalok ng maraming benepisyo. Ipakikita sa inyo ang sunud-sunod na hakbang na proseso, na may serye ng mga self-help screen. Makikita ninyo sa screen kung anong impormasyon ang kailangan ninyo upang buuhin ang aplikasyon at gagabayan kayo sa kumpletong pagsagot ng mga tanong. Maaari kayong mag-aaplay sa pamamagitan ng anumang kompyuter sa sarili ninyong bilis. Maaari kayong mag-umpisa at huminto sa anumang panahon sa proseso, at sa gayon ay maaari ninyong iwanan ang aplikasyon at bumalik sa ibang pagkakataon upang i-update o kumpletuhin ang alinman sa kinakailangang impormasyon. Maingat naming protektahan ang inyong personal na impormasyon.

Ano ang kailangan kong malaman?

Karamihan ng mga tanong sa aplikasyon ay tungkol sa mga mapagkukunan at kita. Kung kayo ay may-asawa at magkasamang nanainirahan sa inyong kabiyak, kailangan naming malaman ang impormasyong ito tungkol sa inyong dalawa. Maaaring tumulong ang mga miyembro ng pamilya, tagapag-alaga at ibang ikatlong partido na kumpletuhin ang aplikasyon. Ang worksheet sa susunod na pahina ay maaaring makatulong sa iyong magdesisyon kung kayo ay kwalipikado at maaaring makatulong sa inyo sa pagkumpleto ng mga aktwal na aplikasyon para sa Extra Help. Ang worksheet ay **hindi** isang aplikasyon.

Upang makapaghanda:

- Tukuyin ang sarili ninyong pagmamay-ari, kasama ng inyong kabiyak, o iba pa, ngunit **huwag** isama ang inyong tirahan, mga sasakyan, lote ng libingan, polisa ng insurance o mga personal na ari-arian.
- Suriin ang lahat ng inyong kita.
- Ihanda ang inyong mgarekord nang maaga upang makatipid ng oras

Ang mga talang kailangan ninyo ay:

- Mga statement na nagpapakita ng inyong mga balanse ng account sa bangko, credit union o iba pang institusyon ng pananalapi;
- Mga statement ng pamumuhunan
- Sertipiko ng stock;
- Binayang buwis;
- Mga sulat na nagkakaloob ng pensiyon at
- Mga talaan ng suweldo.

Hindi kami hihingi ng katunayan upang suportahan ang mga impormasyon na ibibigay ninyo, ngunit itutugma namin ang inyong mga impormasyon sa mga datos na makukuha mula sa ibang ahensya ng gobyerno. Ihahambing namin ang mga impormasyong iyon upang tiyaking ang mga iyon ay tama.

Kailangan naming malaman ang impormasyon tungkol sa inyong (at ng inyong kabiyak kung kayo’y may-asawa at magkasamang naninirahan) mga mapagkukunan at kita:

Mapagkukunan	Halaga
Mga bank account, kasama ang para sa tseke, pag-iimpok, at mga sertipiko ng deposito	\$ _____
Stocks, bonds, savings bonds, mutual funds, indibidwal na retirement accounts (IRAs), o iba pang pamumuhunan	\$ _____
Pera sa bahay o saan pa man	\$ _____
Anumang lupain maliban sa inyong bahay	\$ _____

Kita	Buwanang Halaga
Mga benepisyo ng Social Security	\$ _____
Mga benepisyo ng Railroad Retirement	\$ _____
Mga benepisyo ng beterano	\$ _____
Iba pang mga pensiyon o taunang bayad	\$ _____
Sustento	\$ _____
Netong kita sa paupa	\$ _____
Bayad-pinsala sa mga manggagawa	\$ _____
Iba pang mga kita (hal.,mga bayad sa kawalan ng trabaho, kapansanan mula sa pribado o estado)	\$ _____

Kita	Taunang Halaga
Mga Suweldo	\$ _____
Netong kita mula sa sariling negosyo	\$ _____

Kung kayo ay isang Amerikanong Indiyano o Katutubong Alaska

Nagbibigay ng listahan ang pahina 3 at 4 ng ilang mga mapagkukunan at kita na hindi kabilang sa mga limitasyon sa mapagkukunan at kita para sa benepisyong Extra Help. Maaaring may iba pang mga mapagkukunan at kita ang mga Amerikanong Indiyano at Katutubong Alaska na hindi kasama.

Halimbawa, **hindi bibilangin ng Social Security** ang sumusunod na mga mapagkukunan at kita:

- Ilang mga pamamahagi ng natanggap ng isang Katutubong Alaska mula sa isang *Alaska Native Regional and Village Corporation*;
- Lupaing ipinagkatiwala sa Estados Unidos ng indibidwal na Indiyano o Tribo;
- Mga pondong ipinagkatiwala sa Kalihim ng Interyor ng isang Tribong Indiyano at ipinamahagi sa bawat isang miyembro Tribong Indiyano;
- Hanggang sa \$2,000 bawat taon na tinatanggap ng isang Indiyano na nagmumula sa mga indibidwal na interes sa mga inihabilin o may-takdang lupain; at
- Mga kabayaran sa mga miyembro ng mga tiyak na Tribong Indiyano batay sa pederal na batas.

Dapat kayong makipag-ugnay sa Social Security para sa ibang di-kasamang mga mapagkukunan at kita.

Kung kayo ay isang miyembro ng pamilya, tagapag-alaga o iba pang ikatlong partido

Maaari ninyong tulungan ang mga benepisyaryo ng Medicare sa pag-aplay sa Extra Help tungkol sa kanilang Medicare prescription drug plan costs. Kung tutulungan ninyo ang isang tao sa aplikasyon, dapat ninyong sagutin ang mga katanungan na wari ba'y ang taong iyon ang nagkukumpleto ng aplikasyon. Upang mapag-alaman kung ang isang tao ay karapat-dapat, kakailanganing malaman ng Social Security ang halaga ng kanyang naipon, puhunan, lupain (maliban sa tinitirhan), at kita. Kailangan naming ang impormasyon tungkol sa sinumang inyong tinutulungan at ang kanyang asawa, kung sila'y kasal at magkasamang naninirahan. Ang impormasyon sa pahina 6 at worksheet sa pahina 7 ay makatutulong sa inyo ukol sa aplikasyon.

Maari ninyong tulungan ang isang taong mag-aplay para sa Extra Help online sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website o pagtawag sa aming libreng numero upang hilingin ang *Aplikasyon para sa Karagdagang Tulong sa Gastusin sa Plano ng Medicare sa De-Resatang Gamot* (Pormularyong SSA-1020).Maaari din kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para matulungan.

Paano ako pipili ng partikular na plano?

Bisitahina ng www.medicare.gov at gamitin ang sumusunod na mga kasangkapan para tulungan kayong magpasiya:

- **Ikumpara ang mga Medicare prescription drug plan**—Maaari ninyong hanapin at ikumpara ang mga prescription drug plan sa inyong estado na tumutugon sa inyong personal na pangangailangan at magpalista sa inyong napiling prescription drug plan.
- **Formulary Finder**—Maaari ninyong ipasok ang impormasyon tungkol sa partikular na mga gamot na inyong iniinom at kumuha ng impormasyon na makatutulong sa inyong hanapin ang mga plano sa inyong estado na tutugma sa inyong mga pangangailangan sa niresatang gamot.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa mga Medicare prescription drug plan at natatanging mga panahon ng pagpapalista, mangyaring bumisita sa www.medicare.gov o tumawag sa 1-800-MEDICARE.

Anu-anong mga bagay ang dapat kong isaalang-alang kapag kumukumpara ng mapagpipiliang mga Medicare drug plan?

Saklaw—Sasaklawin ng mga Medicare drug plan ang mga gamot na generic at may-pangalan. Halos lahat ng mga plano ay may formulary, na siyang listahan ng mga gamot na saklaw ng plano. Maaaring magbago ang mga gamot na saklaw ng mga plano, nguni't kinakailangang laging matugonan ng listahan ang mga pangangailangan ng Medicare.

Halaga—Ang buwanang hulog at ang inyong bahagi ng gastusin sa reseta ay paiba-iba depende sa kung aling plano ang inyong pipiliin. Kung kayo ay kwalipikado sa Extra Help dahil kayo ay may kaunting mapagkukunan at kita, kayo ay tatanggap ng tulong sa ilan o lahat ng mga gastusing ito.

Kaginhawahan—Ang mga plano sa gamot ay kinakailangang makipagkasundo sa mga botika sa inyong lugar. Siyasatin ang plano para masigurong ang mga botika sa plano ay malalapit sa inyo.

Paano ako sasali sa isang Medicare prescription drug plan?

- **Sa website ng plano**—Bisitahin ang website ng kumpanya ng plano sa gamot. Marahil ay maari kayong sumali online.
- **Sa website ng Medicare**—Sumali sa isang plano sa gamot sa www.medicare.gov gamit ang online enrollment center ng Medicare.
- **Sa pamamagitan ng aplikasyon sa papel**—Makipag-ugnay sa kumpanya ng nag-aalok ng plano sa gamot na napili ninyo at humiling ng aplikasyon. Pagkatapos ninyong makumpleto ang pormularyo, ipadala sa koreo o i-fax ito pabalik sa kumpanya.
- **Sa pamamagitan ng telepono**—Tawagan ang plano o tumawag sa **1-800-MEDICARE** at kausapin ang isang customer service representative.

Makatutulong ba ang mga ahensiya ng estado sa mga gastusing Medicare?

Kapag naghain kayo ng aplikasyon para sa Extra Help, maaari din ninyong simulant ang proseso ng inyong aplikasyon para sa Medicare Savings Programs. Ang mga programang ito ng estado ay nagbibigay ng tulong ukol sa ibang mga gastusin sa Medicare. Magpapadala ang Social Security ng impormasyon sa inyong estado maliban kung sasabihan ninyo kami na huwag sa aplikasyon para Extra Help. Kokontakin kayo ng inyong estado upang tulungan kayong mag-aplay para sa Medicare Savings Program.

Tinutulungan ng mga Medicare Savings Programs na ito ang mga taong kaunti ang mapagkukunan at kita sa pagbabayad ng kanilang gastos sa Medicare. Tumutulong ang Medicare Saving Programs sa pagbabayad ng inyong mga hulog sa Bahaging B ng Medicare (segurong medikal). Para sa ilang mga tao, maaari ding bayaran ng Medicare Savings Programs ang mga hulog sa Bahaging A ng Medicare (seguro sa pagpapaospital), kung mayroon man, at pagbabawas at co-payment ng Bahaging A at B.

Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sang-ayon sa impormasyong ginamit sa pagtitiyak ng aking pagkakarapat-dapat?

Magpapadala ang Social Security ng pre-decisional notice sa inyo kung ipinakikita ng impormasyon sa aming talaan na kayo ay hindi karapat-dapat sa Extra Help. Kung hindi ninyo maunawaan ang abiso, tawagan kami sa **1-800-772-1213**, at ipaliliwanag namin ito sa inyo. Kung hindi kayo sang-ayon sa aming impormasyon, tumawag sa numerong nasa itaas o bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security sa loob ng 10 araw nang inyong pagtanggap ng pre-decisional notice, at ibigay sa amin ang wastong impormasyon.

Magpapadala kami sa inyo ng pangwakas na kapasyahan kung hindi kayo magsusumite ng anumang karagdagang impormasyon sa loob ng 10 araw. Ipaliliwanag nito kung ano ang dapat ninyong gawin kung hindi kayo sang-ayon sa pangwakas na kapasyahan. Apela ang aming tawag ditto.

Paano ko maaapela ang pangwakas na desisyong ginawa sa aking aplikasyon para sa Extra Help?

Kung nais ninyong iapela ang kapasyahang ginawa ng Social Security tungkol sa inyong karapat-dapat sa Extra Help kaugnay sa mga gastusin sa Medicare prescription drug plan, bumisita sa aming website o tawagan kami at humiling ng *Appeal of Determination for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (Pormularyong SSA-1021). Maaari ninyong i-mail ang kahilingan sa Wilkes-Barre Data Operations Center, P.O. Box 1030, Wilkes-Barre, PA 18767-1030. Maaari din ninyong bisitahin ang inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Ano ang mangyayari kapag ako ay nag-apela?

Kapag hiniling ninyo ang apela, hihilingin namin kayong sabihan kami kung bakit sa palagay ninyo ay mali ang aming desisyon. Karaniwan ay magtatakda kami ng araw para sa pagdinig, upang kasama kayong repasuhin ang inyong kaso sa pamamagitan ng telepono. Upang matakda ang araw ng pagdinig, hihingan namin kayo ng dalawang mas pinipili ninyong oras para kami tumawag. Pagkatapos, padadalhan namin kayo ng abiso ng takdang araw ng pagdinig na magpapaalam sa inyo ng oras at araw na itinakda sa inyong pagdinig.

Kung pipiliin ninyong hindi makilahok sa isang pagdinig sa pamamagitan ng telepono, pagpapasyahan namin ang inyong kaso sa pamamagitan ng pagsuri ng impormasyon sa aming talaan at anumang impormasyong ibibigay ninyo sa amin upang masiguro na aabot kami sa nararapat na pasya. Ito ang aming tinatawag na pagdinig sa pamamagitan ng pagrerepaso ng kaso.

Maging humiling man kayo ng pagdinig sa pamamagitan ng telepono o pagdinig sa pamamagitan ng pagrerepaso ng kaso, magpapadala kami sa inyo ng isa pang abiso sa oras na matapos namin ang kinakailangang trabaho sa inyong claim.

Mayroon bang takdang panahon para sa apela?

Mayroon kayong 60 araw simula sa petsang matatanggap ninyo ang paunawa na magsasabi sa inyo tungkol sa aming desisyon upang makahiling ng isang apela. Kapag hindi kayo umapela sa loob ng 60-araw na hangganan, maaaring mawawala ang inyong karapatang umapela at ang desisyong ginawa namin ay magiging pangwakas. Kung mayroon kayong magandang dahilan kung bakit hindi kayo umapela sa inyong kaso sa loob ng takdang panahon, maaari naming kayong bigyan ng karagdagang oras. Maaari kayong humiling ng ekstensyon sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa **1-800-772-1213**.

Maaari ba akong magpatulong upang humingi ng apela?

Maaaring piliin ninyong magkaroon ng taong tumulong sa inyo sa inyong apela or upang kumatawan sa inyo. Ang inyong kinatawan ay maaaring isang abogado or ibang kwalipikadong tao na kilalala ninyo at ng Social Security program. Makikipagtulungan kami sa inyong kinatawan katulad ng pakikipagtulungan namin sa inyo. Siya ay maaaring kumatawan sa karamihan ng mga bagay tungkol sa Social Security.

Paano kung hindi ako sasang-ayon sa desisyon?

Kung hindi kayo sasang-ayon sa desisyon ng Social Security sa inyong apela, maaari kayong maghain ng isang kaso sa isang pederal na korteng pandistrito. Ang liham na ipapadala naming sa inyo tungkol sa desisyon sa inyong apela ay magsasabi din sa inyo kung paano humiling sa isang korte na tingnan ang inyong kaso.

Paano ako kukuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng Extra Help para sa gastusin ng inyong Medicare prescription drug plan, bisitahin ang www.socialsecurity.gov/extrahelp o tawagan ang Social Security. Nakahandang tumulong sa inyo ang mga kinatawan ng Social Security sa pagkumpleto ng inyong aplikasyon. Kung mas maaga kayong mag-aplay, mas maaga ninyong umpisahangmatanggap ang mga benepisyo.

Kung kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa Medicare Savings Programs, Medicare prescription drug plans, kung papaano mag-enrol sa isang plano, o humiling ng kopya ng *Medicare & You* na handbook, mangyaring bumisita sa www.medicare.gov o tumawag sa **1-800-MEDICARE**. Ang inyong State Health Insurance Counseling and Assistance Program (SHIP) ay makatutulong din na sumagot sa inyong mga katanungan sa Medicare. Maaari ninyong makita ang impormasyon ng pakikipag-ugnay sa inyong lokal na SHIP sa likod ng inyong Medicare handbook, sa online sa www.medicare.gov, o maaaring hilingin ninyo ito kapag kayo ay tumawag.)

www.socialsecurity.gov



Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10508-TL
Understanding The Extra Help With Your
Medicare Prescription Drug Plan (Tagalog)
March 2013

